# ANG PINAKA MAHALAGANG TANONG SA BUHAY NG TAO

Tiyak ka ba na sa langit ka pupunta kapag binawian ka ng Diyos ng buhay ngayon?

Katulad mo rin ako noon na walang katiyakan hanggang sa may nag bahagi sa akin na ang langit at ang buhay na walang hanggan ay libre. Wala itong bayad. Hindi ito makakamit sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti.

## ANG LANGIT AY KALOOB NG DIYOS PARA SA IYO!

Efeso 2:8-9 Sa pamamagitan ng biyaya kayo ay naligtas; sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa inyong mga sarili, ito ay kaloob ng Diyos, upang walang taong makapagmalaki.

## ...NGUNIT NAG KASALA KA!

Roma3:23 Ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

Roma 6:23 Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan subalit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Cristo-Hesus na ating Panginoon.

## MAHAL KA PA RIN NG DIYOS

Juan 3:16 Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

## SI HESUS ANG MAKAKAPAGLILIGTAS SA IYO! SIYA ANG NAMATAY PARA PAGBAYARAN ANG LAHAT NG IYONG MGA KASALANAN.

2 Corinto 5:21 Hindi nagkasala si Cristo ngunit dahil sa atin, Siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag isa tayo sa Kanya at mapabanal tayo sa harapan ng Diyos sa pamamagitan Niya.

## PAGSISISHAN MO ANG IYONG MGA KASALANAN.

Gawa 2:38 Pagsisihan niyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at kayo'y magpabautismo ng Ngalan ni Hesu-Cristo upang kayo'y patawarin at makatanggap ng kaloob ng Banal na Espiritu.

## MANAMPLATAYA KA KAY HESUS! NASA KANYA ANG BUHAY NA WALANG HANGGAN.

Roma 10:9 Kung ikukumpisal ninyo sa inyong bibig ang Panginoong Hesu-Cristo at mananampalataya kayo sa inyong puso na Siya'y muling binuhay ng Diyos mula sa mga patay, kayo ay maliligtas.

1 Juan 5:13 Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyong mga mananampalataya sa Pangalan ng Anak ng Diyos, upang inyong malaman na kayo ay mayroong buhay na walang hanggan at upang inyong mapanampalatayaan

Juan 6:47 (Sinabi ni Hesus) "Katotohanan, katotohanan sinasabi ko sa inyo, siyang nanampalataya sa Akin ay may buhay na walang hanggan

## TANGGAPIN MO SI HESUS SA IYONG BUHAY!

Juan 1:12 Sa kanila na tumanggap sa Kanya (Kay Hesus) ay ibinigay ang kapangyarihang maging mga anak ng Diyos, maging sa kanilang mga nananampalataya sa Kanyang Pangalan.

## PANALANGIN

Diyos Ama sa langit, ako po ay isang makasalanan. Pinagsisisihan ko po ang lahat ng mga nagawa kong kasalanan. Patawarin Mo po ako at linisan ng Banal na Dugo ni Hesus. Binubuksan ko po ang aking puso at inaanyayahan kita Hesus, na pumasok sa aking buhay. Tinatanggap kita bilang Diyos, Panginoon at Tagapagligtas ng aking buhay. Salamat po sa buhay na walang hanggan. Amen.

MAYROON KANG BAGONG BUHAY NGAYON. BASAHIN MO ANG IYONG BIBLIA AT MAGING HANDA SA PAGDATING NG PANGINOON

MAHAL KA NG DIYOS

Joyful Life with Jesus Ministries